*Office of the*
**REGIONAL DIRECTOR**
DepEd National Capital Region

Pagbati ng kapayapaan at pagkakaisa!

Isang malugod na pagbati sa inyong pagtatapos! Isang malaking karangalan na ang lahat ng inyong pagsusumikap ay nagbunga ng tagumpay. Sa inyong pagtanggap ng mga karangalang banggit, ay marapat lamang din na pasalamatan ninyo ang inyong pamilya na masusi at matiyagang nagbigay ng kanilang panahon, oras, pagmamahal at malaking suporta upang makamit ang inyong minimithing layunin.

Ang inyong henerasyon ay tunay na sumasalamin sa mga bagong kaalaman at pananaw na siyang kailangan upang makatulong sa pagpapaulad ng sarili at bayan.

Ang tema ngayong taon ay nagpapaaninag sa kahalagahan ng inyong papel bilang mga tagapagsulong ng pagbabago at boses ng katotohanan sa makabagong panahon upang maasam ang ninanais na pagkakaisa. Ang inyong mga likas na katangian gaya ng pagiging matatag, matiyaga, mapanuri, mapanghamon ay siyang nagbubunsod ng inyong mga kakayahan upang maitaguyod ang pagkakaisa at pagbabago.

Ang mga nakaraang kaganapan sa ating paligid na nagdulot ng matinding karanasan sa inyong kamalayan bilang mga mag-aaral at mga kabataan ay maaaring magpatibay o magpahina ng inyong pag-asa upang magpatuloy sa buhay. Subalit, sa kabila ng mga balakid na inyong nararanasan ay dapat kayong manatiling masikap, masipag at matiyaga upang inyong malagpasan ang lahat ng mga pagsubok na darating sa hinaharap, lalo't higit ay makamtan ang inyong mga hinahangad na pangarap sa buhay.

Ako at kaisa ng lahat ng bumubuo ng Kagawaran ng Edukasyon-Sangay ng Punong Rehiyon ay buong galak na nagdiriwang ng inyong nakamit na tagumpay sa makasaysayang araw na ito.



Nawa ay patuloy kayong maging haligi ng pagbabago sa lipunan para sa bagong Pilipinas. Kami ay patuloy na magbibigay ng suporta sa pagbibigay ng pag-asa at pagkamit ng tagumpay para sa inyong kinabukasan at ng bansa!

Lahat para sa – One NCR, Stronger Together, Rise!

Isang matamis na pagbati sa batch 2024-2025!

**JOCELYN DR ANDAYA**
Panrehiyong Direktor, NCR
Kasalukuyang Nanunuparang Pinuno
Tanggapan ng Katuwang na Kalihim para sa Pamamahala